

*Si QC Vice Mayor Joy Belmonte kasama si Councilor Gian Sotto at iba pang opisyal na bumati sa may 574 na drug surrenderees na nakatapos sa gamutan sa ilalim ng community based treatment na programa ng QC Anti-Drug Abuse and Advisory Council na pinamumunuan din ng una. (Kuha ni Boy Santos)*

# Joy B pinangunahan ang graduation ng 574 drug surrenderees

Makaraang sumalang sa iba't ibang interventions ng Quezon City Anti Drug Abuse and Advisory Council (QCADAAC), nagsipagtapos na kahapon ang may 574 drug surrenderees sa isang simpleng graduation rites na pinangunahan ni Vice Mayor at QCADAAC Chairperson Joy Belmonte.

Sa kanyang mensahe, pinasalamatan ni Belmonte ang mga graduates dahil sa kahandaan ng mga itong magbago para sa kanikanilang mga pamilya.

"Saludo ako sa inyo, inaadmire ko kayo at ang inyong pamilya, patuloy akong susuporta sa inyo para sa pagbabagumbuhay ninyo, sana wala ng babalik pa sa dating gawi niyo at ayaw ko ng makita ang mga pagmumukha niyo dito, gusto ko makikita ko kayo na nasa mall kasama ang pamilya "pahayag ni Belmonte.

Sinabi ni Belmonte na ang graduates ngayon ay pang-apat ng batch o umaabot na sa 2,840 ang lahat ng graduates kasama ang mga bagong graduates ng mga drug surrenderees.

Ang mga graduates anya ay sumalang sa 15 modules kabilang dito ang 12 modules para sa mga user, 3 sa pamilya at spiritual modules.

Karaniwan anyang 3 buwan ang tagal ng pagsasalang sa mga inteventions sa mga surrenderees pero may inaabot ng 6 na buwan dahil sa kanilang trabaho at ibang pinagkakaabalahan. May iba rin anya na bagsak sa drug test kaya't tumatagal ang isang surrenderee sa pagsailalim sa rehabilitation program ng council.

"Kami sa QCADAAC ay kumpleto naman ang aming facilitator at modules yun nga lang natatagalan ang training dahil sa kulang sa mga DOH accredited physicians na mag a undergo ng training sa mga surrenderees" sabi ni Belmonte.

Sinabi ni Belmonte na para huwag nang magbalik sa dating bisyo ang mga graduates ay tinutulungan na magkaroon ng trabaho sa mga partner-private firms, tinuturuan sila na kumita sa pamamagitan ng TESDA training at iba pang mga pagkakakitaan para sa kanilang pamilya.

Ang QCADAAC sa pamumuno ni Belmonte ay tumanggap na ng ibat ibang parangal bilang best ADAAC sa NCR at sa buong bansa at ginawaran ng mga parangal mula sa Department of Interior and Local Government (DILG) at Phil Drug Enforcement Agency (PDEA) dahil sa matagumpay na pagpapatupad ng mga programa para sa mga drug users ng QC. Ang Modules ng QCADAAC ay tinutularan na ng iba pang local govt units kaugnay ng programa para sa mga drug users sa komunidad. *(Angie dela Cruz)*